



KOMISYONG NAGKOKONTROL NG PAGSUSUGAL SA CALIFORNIA PROSESO NG APLIKASYON SA ESTADO — MGA DAPAT GAWIN

Ang Komisyon ng Nagkokontrol ng Pagsusugal sa California (Komisyon) at ang Kagawaran ng Hustisya ng California, Kawanihang Nagkokontrol ng Pagsusugal sa California (Kawanihan) ay ang mga lupon ng tagapangasiwa sa industriya ng pagsusugal sa California.

Bilang bahagi ng estrukturang ito, ang Kawanihan ang tumatanggap ng mga aplikasyon para sa lisensya, gumagawa ng mga imbestigasyon tungkol sa mga aplikante, at nagbibigay ng rekomendasyon sa Komisyon tungkol sa pagkanaaangkop ng aplikante.

Nirerepaso ng tauhan ng Komisyon ang mga ulat mula sa imbestigasyon ng Kawanihan at nagbibigay ng sarili nitong rekomendasyon sa mga Tagapangasiwa. Isinasaalang-alang ng mga Tagapangasiwa ang mga aplikasyon sa mga pampublikong pagdinig na isinasagawa dalawang beses kada buwan.

Narito ang ilan sa mga bagay na dapat tandaan habang kinukumpleto mo ang proseso ng aplikasyon:

- ◆ Repasuhing maigi ang iyong aplikasyon upang maging tumpak at kumpleto. Ang kakayahan ng aplikante na magbigay ng tumpak na mga detalye tungkol sa sarili ay lubhang napakahalaga sa tuwing isinasaalang-alang ng Komisyon ang integridad at katapatan ng aplikante. Kung hindi ka sigurado kung ilalaki mo ang isang bagay, mas mabuting ilaki ito kaysa hindi. Responsibilidad ng aplikante na magbigay ng kumpleto at tumpak na pahayag.
- ◆ Ipasa ang iyong aplikasyon ng nasa oras. May mga batas at regulasyon na humihiling sa aplikante na ipasa ang kanilang aplikasyon sa loob ng isang tinakdang haba ng panahon. Dapat maglaan ang mga aplikante ng sapat na panahon upang maseguro nilang mapupunang aplikasyon, marepaso ito kung tumpak at kumpleto, at magtanong kung kinakailangan. Pananagutan ng aplikante ang pagiging nasa oras.
- ◆ Banggitin ang lahat ng nakaraang kriminal na sentensiya. **Lakip rito** ang mga sentensiyang pinagaan at/o inalis na, malibang ginawang kumpidensyal ng isang utos mula sa korte. Repasuhing maigi ang iyong mga paglabag sa batas trapiko. Ang isang ticket ng paglabag sa batas trapiko ay hindi lang maaaring humantong sa pagsuway, kundi pati rin sa hindi magandang pag-uugali o kriminal na pagkakakulong. Ang mga sentensiyang kaugnay ng di-magandang pag-uugali at kriminal na pagkakakulong, kahit mga paglabag lang ito sa batas trapiko, **ay dapat banggitin** sa iyong aplikasyon.
- ◆ Banggitin ang dahilan ng pag-alis sa pinagtatrabahuhan. Kung ikaw ay sinisante o kusang umalis, sabihin mo sa amin, at ipaliwanag ang mga dahilan. Hindi dahilan ang “Personal”.
- ◆ Banggitin ang pagka-remata ng bahay. Nauunawaan naming kung bakit maaaring ayaw ng isang aplikanteng ibahagi ang impormasyong ito. Ngunit mahalagang maging bukas sa pagbibigay ng **lahat** ng hinihiling na impormasyon.
- ◆ Resolbahin ang lahat ng kasalukuyang kriminal at sibil na mga bagay-bagay. Maging maagap sa pagresolba ng mga pangkorteng bagay-bagay at ang mga ‘di pa nababayarang utang, at idokumento **ang lahat**. Maaaring hilingan kang magbigay ng mga dokumento kaugnay ng mga bagay-bagay na ito.
- ◆ Makibahagi. Kung sabihan ka ng tauhan ng Komisyon na gusto ng mga Tagapangasiwa na dumalo ka sa pagpupulong, napakaimportanteng gawin mo ito. Kung hindi ka makakadalo, sabihan agad ang tauhan nang sa gayon ay mabigyan ka ng bagong iskedyul. Kung hindi mo ito magagawa, hindi tiyak na makapagpapatuloy ka sa proseso. **Ang pag-apruba sa lisensya ay isang pribilehiyo, hindi isang karapatan.**

MAHAHALAGANG PAGKAKASUNOD-SUNOD

Dapat ipasa ng mga aplikante ang kanilang aplikasyon sa Kawanihan ng Pamamahala sa Pagsusugal sa California alinsunod sa sumusunod na mga petsa:

Lisensyang Pang-Emplevado ng Sugalan (Permisong Magtrabaho/Pangunahing Emplevado)

- ◆ Temporaryo/Pauna — bago tanggapin ang mga atas.
- ◆ Pagpapanibago — 120 araw bago ang petsa ng pagkapaso.

Lisensyang Pang-Emplevado Para sa Third-Party Provider ng mga Proposition Player Services (Trabahante/Tagapangasiwa)

- ◆ Temporaryo/Pauna — bago tanggapin ang mga atas.
- ◆ Pagpapanibago — 120 araw bago ang petsa ng pagkapaso.

Mga Interes sa Pagmamay-ari

- ◆ Ang lahat ng mga karampatang dokumento at aplikasyon at dapat matanggap at maaprubahan ng Komisyon, nang patiuna, upang maituring na legal.
- ◆ Pagpapanibago — 120 araw bago ang petsa ng pagkapaso.



2399 Gateway Oaks Drive, Suite 220
Sacramento, CA 95833
Telepono: 916-263-0700
cgcc.ca.gov
comments@cgcc.ca.gov